# Kahilingan para sa kooperasyon sa survey ng kamalayan ng mga mamamayan tungkol sa paggalang sa pagkakapantay-pantay ng kasarian at pagkakaiba-iba ng sekswal

Salamat sa iyong pag-unawa at pakikipagtulungan sa Pamahalaan ng Lungsod ng Toyohashi.

Noong Abril 23, ipinatupad ng Toyohashi City ang「Ordinansa ng Lungsod ng Toyohashi na isulong ang paglikha ng Lipunang iginagalang ang pagkapantay-pantay ng kasarian at pagkakaiba-iba ng sekswal」, sa ilalim ng「Toyohashi Harmony Plan taon 2023-2026」, nagsusumikap kaming isulong ang pagkakapantay-pantay ng kasarian at panlipunang pag-unawa sa pagkakaiba-iba ng kasarian.

Sa pagkakataong ito, magsasagawa tayo ng isang survey upang siyasatin ang mga iniisip at kalagayan ng mga mamamayan upang maisagawa natin ang isang tungkuling nakatuon sa resulta na tumutugon sa mga pagbabago sa kalagayang panlipunan. Para sa survey, random kaming pumili ng 3,000 tao sa edad na 16 pataas na nakatira sa lungsod.

Ang resulta ng survey ay iipunin namin hanggang sa Marso 2024 at iaanunsyo sa homepage ng Lungsod at Information square (joho hiroba) sa City hall.

Humihingi kami ng paumanhin para sa abala, ngunit pinahahalagahan namin ang iyong pag-unawa sa layunin ng survey at ang iyong pakikipagtulungan. Bilang karagdagan, ang survey ay ipoproseso nang hindi malalaman ang pagkakakilanlan, kaya hindi kami magdudulot ng anumang abala sa mga taong sumagot.

Agosto 2023 Mayor ng Toyohashi Asai Yoshitaka

**Upang maisakatuparan ang isang lipunang iginagalang ang pagkakapantay-pantay ng kasarian at pagkakaiba-iba ng sekswal・・・・**

Lahat ng tao, anuman ang kasarian, oryentasyong sekswal o pagkakakilanlan sa buhay,
① Iginagalang bilang isang tao
② Ang kakayahang ganap na ipakita ang sariling katangian at kakayahan
③ Sa pamamagitan ng kahalagahan sa pagkakaiba ng pamumuhay
④ Ito ay kinakailangan upang makilahok sa mga aktibidad sa lahat ng larangan bilang isang pantay na miyembro ng lipunan. (Toyohashi Harmony Plan taon 2023-2026)

■Mga kahilingan kung paano ang pagsulat

1. Mangyaring sulatan ang survey form na ito ng **tao mismo na nakasulat sa sobre**.
2. Karamihan sa mga sagot sa mga tanong ay hinihiling na bilugan ○ ang numero, ngunit depende sa detalye, maaari na hilingin namin na isulat ang numero. Kung pinili mo ang「Atbp.」bilang iyong sagot, mangyaring isulat ang mga detalye sa loob nito (    ).
3. Depende sa tanong, maaaring limitado ang bilang ng mga taong makakasagot, kaya mangyaring sagutin ng ayon sa gabay.
4. Pagkatapos makumpleto ang pagsagot, hindi na kailangan na isulat ang pangalan at **ilagay ito sa self-addressed envelope (hindi kailangan ng selyo/stamp), at ipadala ito bago ang Agosto 31, 2023.**

※Para sa mga katanungan tungkol sa survey, mangyaring makipag-ugnayan sa taong namamahala na nakasulat sa ibaba.

Taong namamahala : Toyohashi Cityhall Citizen Collaboration Dept.
Citizen Collaboration Promotion Division
TEL : 0532-51-2188
FAX : 0532-56-5128

# 1　Tungkol sa pagkakapantay-pantay ng kasarian

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q１． Sa palagay mo ba ay pantay ang mga lalaki at babae sa kabuuan ng lipunan? Mangyaring pumili at bilugan ○ ang **isa lamang** na naaangkop na sagot mo mula sa mga sumusunod.

１． Ang mga lalaki ang lubos na pinapaboran
２． Sa palagay ko ang mga lalaki ang pinapaboran
３． Pantay-pantay lang
４． Sa palagay ko ang mga babae ang pinapaboran
５． Ang mga babae ang lubos na pinapaboran
６． Hindi ko alam

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q２． Sa tingin mo ba na ang mga lalaki at babae ay pantay sa bawat isa sa mga sumusunod na sitwasyon at lugar?
Para sa mga nasa A～G, mangyaring pumili at bilugan ○ ang **isa lamang** na naaangkop na sagot mo.

| Kategorya | | Ang mga lalaki ang lubos na pinapaboran | Sa palagay ko ang mga lalaki ang pinapaboran | Pantay-pantay lang | Sa palagay ko ang mga babae ang pinapaboran | Ang mga babae ang lubos na pinapaboran | Hindi ko alam |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Lugar | A　Bahay | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 |
| | B　Trabaho | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 |
| | C　Paaralan | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 |
| | D　Lokal na aktibidad | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 |
| | E　Political Arena | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 |
| Sitwasyon | F　Mga batas at sistema | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 |
| | G　Tradisyon at kaugalian | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 |

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q２-１． Anong mga kondisyon o tao ang tingin mo ay「pinapaboran/pribilehiyo」sa iyong pamilya?
Mangyaring piliin ang **lahat** ng naaangkop na sagot mula sa mga sumusunod at bilugan ○ mo ito.

１． Isang sitwasyon kung saan ang isang pangunahing namamahala na taong magaling sa（mahilig）sa gawaing bahay at pangangalaga sa bata
２． Isang sitwasyon kung saan ang isang pangunahing namamahala na taong hindi magaling（ayaw）sa gawaing bahay at pangangalaga sa bata
３． Isang taong may medyo magaan na pasanin sa bahay tulad ng gawaing bahay at pangangalaga sa bata
４． Isang taong maaaring magpasya sa paghahati ng mga tungkulin sa loob ng bahay
５． Isang taong maaaring magpasya ng iba't ibang mga iskedyul sa bahay
６． Isang taong maaaring magpasya kung paano gagamitin ang pera para sa pagbili ng malalaking gamit sa bahay, pagta-travel, atbp.
７． Household representative（Household head）
８． Mga taong bago magpakasal na nagpapanatili pa din ng kanilang apelyido pagkatapos magpakasal
９． Hindi ko alam

## 2 Paggawa ng desisyon tungkol sa kasarian

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q3． Sa Toyohashi City, ang partisipasyon ng kababaihan sa mga patakaran at paggawa ng desisyon ay kasalukuyang mas mababa kaysa sa mga lalaki.

**Katayuan ng partisipasyon ng mga kababaihan sa Toyohashi City（Taon 2022）**

| Kategorya | Numeric value |
|---|---|
| Porsiyento ng mga komite ng kababaihan sa mga konseho ng lungsod, atbp. | 27.2% |
| Porsiyento ng mga komite ng kababaihan sa mga posisyon sa pamamahala ng mga board staff | 19.3% |
| Porsiyento ng mga babaeng guro sa mga administrative at instructional departments sa mga paaralan | 41.3% |
| Porsiyento ng mga kababaihan sa mga opisyal ng mga school district at town residents associations | 8.8% |
| Porsiyento ng mga kababaihang nakikilahok sa mga aktibidad sa komunidad | 71.2% |

Mangyaring piliin ang **lahat** ng naaangkop na sagot mula sa mga sumusunod at bilugan ○ kung ano ang dahilan.

1． Ayusin ang mga gender roles at gender discrimination sa tahanan, trabaho at komunidad
2． Pamamahala ng organisasyong nakasentro sa lalaki
3． Hindi sapat na pagkakataon sa pag-unlad para sa mga kababaihan
4． Kakulangan ng mga sistema upang suportahan ang mga aktibidad ng mga kababaihan
5． Hindi aktibo/positibo ang mga babae
6． Kakulangan ng suporta at pagtutulungan ng pamilya
7． Atbp.（partikular na dahilan：　　　　　　　　　　　　　　　　　）
8． Hindi ko alam

## 3 Balanse sa pagitan ng pamilya・trabaho・mga aktibidad sa komunidad

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q4． Sa karaniwan, gaano karaming oras ang ginugugol mo sa mga sumusunod na nasa A～G bawat araw?

**Isulat ang numero** para sa weekdays at weekend.

（Isulat ang「0」kung hindi mo ito ginawa, at「0.5」kung ginawa mo ito sa loob ng 30 minuto）

| Kategorya | weekdays | weekend |
|---|---|---|
| A　Trabaho（gumawa ng trabaho na may kita） | oras | oras |
| B　Gawaing-bahay（Linis・Laba・Luto, atbp.） | oras | oras |
| C　Pag-aalaga ng anak（mula sanggol hanggang estudyante） | oras | oras |
| D　Care/Nursing | oras | oras |
| E　Volunteer・NPO Activities | oras | oras |
| F　Community Activities（530 movement ng residents association・resource collecting, atbp.） | oras | oras |
| G　Leisure activities tulad ng hobbies, recreation, atbp. | oras | oras |

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q５．Sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay, alin sa mga sumusunod ang **pinakamalapit sa iyong kagustuhan** patungkol sa priyoridad ng 「pamilya」「trabaho」「komunidad・personal na aktibidad（※）」? Mangyaring piliin ang **isa lamang** ng naaangkop na sagot mula sa mga sumusunod at bilugan ○ mo ito.

※Kasama sa mga personal na aktibidad ang mga aktibidad sa kultura, pag-aaral, libangan, pakikisalamuha, atbp.

１．Ang aking 「pamilya」 ang priyoridad ko
２．Ang aking 「trabaho」 ang priyoridad ko
３．Ang aking 「komunidad・personal na aktibidad」 ang priyoridad ko
４．Ang aking「pamilya」 at 「trabaho」ang priyoridad ko
５．Ang aking 「pamilya」 at 「komunidad・personal na aktibidad」 ang proyoridad ko
６．Ang aking 「trabaho」 at 「komunidad・personal na aktibidad」 ang priyoridad ko
７．Ang aking 「pamilya」 at 「trabaho」 at 「komunidad・personal na aktibidad」 ang priyoridad ko
８．Hindi ko alam

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q６．Sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay, alin sa mga sumusunod ang **mahusay na naglalarawan sa iyong kasalukuyang sitwasyon** tungkol sa priyoridad ng 「pamilya」「trabaho」「komunidad・personal na aktibidad」 Mangyaring piliin ang **isa lamang** na naaangkop na sagot mula sa mga sumusunod at bilugan ○ mo ito.

１．Priyoridad ko ang aking 「pamilya」
２．Priyoridad ko ang aking 「trabaho」
３．Priyoridad ko ang aking 「komunidad・personal na aktibidad」
４．Proyoridad ko ang aking 「pamilya」 at 「trabaho」
５．Priyoridad ko ang aking 「pamilya」 at 「komunidad・personal na aktibidad」
６．Priyoridad ko ang aking 「trabaho」 at 「komunidad・personal na aktibidad」
７．Priyoridad ko ang aking 「pamilya」 at 「trabaho」 at 「komunidad・personal na aktibidad」
８．Hindi ko alam

## 4　Tungkol sa kung paano kumikilos ang mga lalaki at babae

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q７．Ano sa palagay mo ang ideya na「dapat magtrabaho ang mga lalaki at dapat manatili ang mga babae sa bahay」? Mangyaring piliin ang **isa lamang** na naaangkop na sagot mula sa mga sumusunod at bilugan ○ mo ito.

１．Hindi sang-ayon
２．Mas piliin ko ang hindi pagsang-ayon
３．Mas piliin ko ang pagsang-ayon
４．Sumasang-ayon
５．Wala akong pipiliin

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q７-１． Para sa Q7, ano sa palagay mo ang dahilan? Mangyaring piliin ang **lahat** ng naaangkop na sagot mula sa mga sumusunod at bilugan ○ mo ito.

１． Dahil sa tingin ko ito ay labag sa pagkakapantay-pantay ng kasarian
２． Nagtatrabaho pareho ang mga magulang ko
３． Mas malaki ang kita/sahod ng mag-asawa kung magtatrabaho pareho
４． Sa tingin ko, mas mabuti para sa indibidwal at lipunan kung ang asawang babae ay nagtatrabaho at nagpapakita ng kanyang mga kakayahan
５． Dahil hindi tayo dapat magpataw ng paghahati ng mga tungkulin sa pagitan ng mag-asawa
６． Ang mga lalaki ang mas angkop sa trabaho, habang ang mga babae ay mas angkop sa gawaing bahay at pag-aalaga ng bata
７． Responsibilidad ng lalaki na tustusan ang kanyang pamilya at responsibilidad ng babae na palakihin ang mga anak at alagaan ang pamilya
８． Tinuruan na ako ng ganyan simula bata pa ako
９． Magiging mas mabuti ang trabaho at pamilya kung malinaw na pinaghihiwalay ang mga tungkulin ng lalaki at babae
10． Dahil may ganitong kalakaran sa lipunan sa kabuuan
11． Atbp.（partikular na dahilan： ）

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q８． Ano ang iyong naiisip sa mga lalaking naglalaan ng oras para alagaan ang mga bata o alagaan ang mga miyembro ng pamilya?
Mangyaring piliin ang isa lamang na naaangkop na sagot mula sa mga sumusunod at bilugan ○ mo ito.

１． Dapat na maglaan ng oras
２． Sa palagay ko, mas mabuti na maglaan ng oras
３． Sa palagay ko, hindi kailangan na maglaan ng oras
４． Hindi na kailangan na maglaan ng oras
５． Hindi ko alam

《Para sa Q8,nais kong itanong sa mga sumagot ng「3.Sa palagay ko, hindi kailangan na maglaan ng oras」、「4.Hindi na kailangan na maglaan ng oras」》

Q８-１． Mangyaring piliin ang **lahat** ng naaangkop na sagot mula sa mga sumusunod at bilugan ○ mo ito.

１． Hindi ito mauunawaan sa pinagtatrabahuhan ko
２． Maaari itong makaapekto sa iyong mga pagkakataong makakuha ng promosyon o pagtaas
３． Dahil may pagkabahala tungkol sa pagbabalik sa trabaho pagkatapos kumuha ng bakasyon
４． Dahil sa sobrang dami ng trabaho at responsibilidad
５． Dahil ang kabayaran sa pagliban sa trabaho ay hindi sapat at nakakaapekto sa badyet ng pamilya
６． Dahil ang mga babae ay mas nababagay sa pangangalaga ng bata at matatanda
７． Dahil ang mga lalaki mismo ay may mga damdamin tulad ng「nahihiya」「ang “pride” ay humahadlang 」
８． Atbp.（partikular na dahilan： ）
９． Hindi ko alam

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q９．Ano sa tingin mo tungkol sa mga babaeng nagtatrabaho?
Mangyaring piliin ang **isa lamang** na naaangkop na sagot mula sa mga sumusunod at bilugan ○ mo ito.

１．Kung mayroon kang anak, mas mabuting ipagpatuloy ang pagtatrabaho sa pamamagitan ng paggamit ng maternity leave, childcare leave, pagbabawas ng oras ng trabaho, atbp.
２．Mas mainam na huminto sa trabaho kapag may anak ka, magsimulang magtrabaho ng full-time kapag lumaki na ang iyong anak
３．Mas mainam na huminto sa trabaho kapag may anak ka, o magsimulang magtrabaho ng part-time（sa saklaw ng suporta gaya ng social insurance premium/shakai hoken） kapag lumaki na ang iyong anak
３．Mas mainam na huminto sa trabaho kapag may anak ka, o magsimulang magtrabaho ng part-time（higit pa sa saklaw ng suporta gaya ng social insurance premium/shakai hoken） kapag lumaki na ang iyong anak
５．Mas mainam na magtrabaho hanggang sa magkaroon ng anak
６．Mas mainam na magtrabaho hanggang sa magpakasal
７．Hindi dapat magtrabaho ang mga babae
８．Atbp.（partikular na dahilan：　　　　　　　　　　　　　　　　　　　）
９．Hindi ko alam

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q１０．Para sa mga babaeng gustong magpatuloy magtrabaho, ano sa tingin mo ang kinakailangan sa bahay, sa trabaho, sa komunidad, atbp., mangyaring piliin ang **lahat** ng naaangkop na sagot mula sa mga sumusunod at bilugan ○ mo ito.

1. Pagbuo ng isang kapaligiran kung saan maaaring ipagkatiwala ang mga bata, tulad ng mga Nursery school at Children's Club
２．Pagpapahusay ng mga Nursing Care Services
３．Mga Support Services para sa gawaing bahay, pangangalaga sa bata, atbp.
４．Pakikilahok ng mga lalaki sa mga gawaing bahay, atbp.
５．Isang kapaligiran sa trabaho kung saan maaaaring gumamit ang mga lalaki ng mga sistema tulad ng pagbabawas ng oras sa trabaho at bakasyon para sa pag-aalaga ng bata
６．Pag-unawa at pagbabago ng kamalayan ng kababaihan na patuloy na nagtatrabaho
７．Pagpapabuti ng kapaligiran sa pagtatrabaho para sa mahabang oras ng pagtatrabaho
８．Suporta sa lugar ng trabaho para sa pagbabalanse ng pangangalaga sa bata at matatanda
９．Atbp.（partikular na dahilan：　　　　　　　　　　　　　　　　　　　）
10．Hindi ko alam

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q1１. Ang ilang kababaihan ay humihinto sa kanilang trabaho dahil sa pagpapakasal, panganganak o pag-aalaga sa bata.
Anong pamantayan sa palagay mo ang gagamitin ng mga babaeng umalis sa kanilang trabaho at nais nilang maging aktibo muli sa lipunan? Mangyaring piliin ang **isa lamang** na naaangkop na sagot mula sa mga sumusunod at bilugan ○ mo ito.

１. Muling pagtatrabaho bilang isang regular na empleyado na may pagpapahalaga sa kakayahang magtrabaho sa pamamagitan ng paggamit sa kaalaman at nakaraang karanasan hanggang ngayon
２. Kumuha ng mga bagong kasanayan at kwalipikasyon at muling magtrabaho bilang isang regular na empleyado
３. Pagpapahalaga ng pagbabalanse ng trabaho sa gawaing bahay, pag-aalaga sa bata at matatanda at muling magtrabaho bilang isang regular na empleyado
４. Muling pagtatrabaho bilang part-time na trabaho, atbp. na may pagpapahalaga sa oras at lugar ng trabaho
５. Pagtulong sa lokal na komunidad sa pamamagitan ng mga aktibidad ng boluntaryo at NPO gamit ang mga nakaraang karanasan（mga boluntaryo sa pag-aalaga ng bata/matatanda, PTA, pag-iwas sa sakuna/security patrols, mga aktibidad sa pag-recycle, atbp.）
６. Magsimula ng isang kumpanya o NPO batay sa nakaraang karanasan（pamamahala ng retail store, IT company establishment, volunteer group establishment, atbp.）
７. Walang kailangang gawin maliban sa mga gawaing bahay
８. Atbp.（partikular na dahilan： ）
９. Hindi ko alam

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q１２. Ano ang iyong mga saloobin sa mga kababaihan na naglalayon ng mga karera sa larangan ng agham at teknolohiya tulad ng mga mananaliksik at inhinyero? Mangyaring piliin ang **isa lamang** na naaangkop na sagot mula sa mga sumusunod at bilugan ○ mo ito.

１. Sumasang-ayon
２. Mas piliin ko ang pagsang-ayon
３. Mas piliin ko ang hindi pagsang-ayon
４. Hindi sang-ayon
５. Hindi ko alam

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q１２－１. Para sa Q12, ano sa palagay mo ang dahilan? Mangyaring piliin ang **lahat** ng naaangkop na sagot mula sa mga sumusunod at bilugan ○ mo ito.

１. Walang kinalaman ang trabaho sa kasarian
２. Ang mga kababaihan ay kailangan sa larangan ng agham at teknolohiya, at madaling makakuha ng trabaho
３. Dahil dumarami ang bilang ng kababaihang nagtatrabaho sa larangan ng agham at teknolohiya
４. Mataas na suweldo para sa mga propesyon sa agham at teknolohiya
５. Ang mga kababaihan ay hindi angkop para sa mga larangan ng agham at teknolohiya
６. Dahil walang trabaho para sa mga kababaihan sa larangan ng agham at teknolohiya
７. Wala akong imahe ng pagiging aktibo sa larangan ng agham at teknolohiya, dahil hindi ko alam
８. Dahil mahirap balansehin ang isang karera sa agham at teknolohiya na kasama ang pamilya
９. Ang mga kolehiyo sa agham at teknolohiya ay may mataas na matrikula
10. Atbp.（partikular na dahilan ）
11. Hindi ko alam

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q１３．Ano ang iyong saloobin sa mga lalaki na naglalayon ng mga trabaho sa mga larangang tradisyonal na nakalaan para sa mga kababaihan, tulad ng mga Nurse at Daycare teacher? Mangyaring piliin ang **isa lamang** na naaangkop na sagot mula sa mga sumusunod at bilugan ○ mo ito.

１．Sumasang-ayon　２．Mas piliin ko ang pagsang-ayon
３．Mas piliin ko ang hindi pagsang-ayon
４．Hindi sang-ayon　５．Hindi ko alam

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q１３－１．Para sa Q13, ano sa palagay mo ang dahilan? Mangyaring piliin ang **lahat** ng naaangkop na sagot mula sa mga sumusunod at bilugan ○ mo ito.

１．Walang kinalaman ang trabaho sa kasarian
２．Ang mga kalalakihan ay kailangan sa larangang tradisyonal na nakalaan para sa mga babae, at madaling makakuha ng trabaho
３．Dahil dumarami ang bilang ng kalalakihang nagtatrabaho sa larangang tradisyonal na nakalaan para sa mga babae
４．Ang mga trabahong larangang tradisyonal na nakalaan para sa mga babae ay may mataas na suweldo
５．Ang mga kalalakihan ay hindi angkop para sa mga larangang tradisyonal na nakalaan para sa mga babae
６．Dahil walang trabaho para sa mga kalalakihan sa larangang tradisyonal na nakalaan para sa mga babae
７．Wala akong imahe ng pagiging aktibo sa larangang tradisyonal na nakalaan para sa mga babae, dahil hindi ko alam
８．Dahil mahirap balansehin ang isang karera sa larangang tradisyonal na nakalaan para sa mga babae na kasama ang pamilya
９．Atbp.（partikular na dahilan　　　　　　　　　　　　　　　　　）
１０．Hindi ko alam

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q１４．Ang sitwasyon ng daloy mula sa Toyohashi City patungo sa Metropolitan area ay umuunlad. Ano sa palagay mo ang dahilan?
Mangyaring piliin ang lahat ng naaangkop na sagot mula sa mga sumusunod at bilugan ○ mo ito.

１. Walang gustong trabaho o lugar na pagtatrabahuhan　２. Walang trabaho na mataas ang sahod
３. Walang gustong destinasyon（faculty・department）　４. Hindi nasisiyahan sa kapaligiran kapag namimili
５．Hindi nasisiyahan sa mga pasilidad ng entertainments at leisure activities
６．Dahil mayroon pa rin malalim na kamalayan sa paghahati ng mga tungkulin sa pagitan ng lalaki at babae sa trabaho
７．Dahil mayroon pa rin malalim na kamalayan sa paghahati ng mga tungkulin sa pagitan ng lalaki at babae sa bahay
８．Dahil mayroon pa rin malalim na kamalayan sa paghahati ng mga tungkulin sa pagitan ng lalaki at babae sa komunidad
９．Atbp.（partikular na dahilan　　　　　　　　　　　　　　　　　）
10．Hindi ko alam

**Kalahati na lang ang natitira♪**

**Mangyaring patuloy na makipagtulungan sa survey na ito♫**

## 5　Tungkol sa pang araw-araw na pamumuhay

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q１５．Kung ikukumpara ang pamumuhay mo bago ang pagkalat ng COVID-19 (tutukuyin sa ibaba bilang pandemya sa COVID-19), mayroon bang anumang pagbabago sa iyong pamumuhay sa panahon ng pandemya sa COVID-19?

Para sa mga item na nakasulat sa A~I, mangyaring pumili **ng isang sagot** at bilugan ito.

【Paghahambing sa pagitan ng pamumuhay bago magpandemya（humigit-kumulang hanggang 2019）at panahon ng pandemya（2020~2022）】

| Item | | Dumami | Walang pagbabago | Nabawasan | Hindi/ Walang ginagawa |
|---|---|---|---|---|---|
| Tungkol sa pagbabago ng oras | A Oras sa trabaho | 1 | 2 | 3 | 4 |
| | B Oras sa gawaing bahay | 1 | 2 | 3 | 4 |
| | C Oras sa pangangalaga sa bata | 1 | 2 | 3 | 4 |
| | D Oras sa pag-aalaga sa may edad | 1 | 2 | 3 | 4 |
| Tungkol sa mga pag-alala | E Pag-alala tungkol sa karahasan mula sa asawa/partner | 1 | 2 | 3 | 4 |
| | F Pag-alala tungkol sa trabaho (kabilang ang mga self-employed management) | 1 | 2 | 3 | 4 |
| | G Pag-alala tungkol sa mental at pisikal na kalusugan | 1 | 2 | 3 | 4 |
| | H Pag-alala tungkol sa gawaing bahay/ Pangangalaga sa bata/Pag-aalaga sa may edad | 1 | 2 | 3 | 4 |
| I Pagtaas o pagbaba sa kita | | 1 | 2 | 3 | 4 |

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q１５－１．Mayroon bang anumang pagbabago sa iyong kasalukuyang pang araw-araw na pamumuhay (pagkatapos maibaba sa Category V infectious disease) kumpara bago dumating ang pandemya sa COVID-19

Pag-alala sa gawaing bahay・pangangalaga sa bata・pag-aalaga sa may edad

Para sa mga item na nakasulat sa A~I, mangyaring pumili **ng isang sagot** at bilugan ito.

【Paghahambing sa pagitan ng pamumuhay bago ang pandemya sa COVID-19 (humigit-kumulang hanggang 2019) at ngayon

| Item | | Dumami | Walang pagbabago | Nabawasan | Hindi/ Walang ginagawa |
|---|---|---|---|---|---|
| Tungkol sa pagbabago ng oras | A Oras sa trabaho | 1 | 2 | 3 | 4 |
| | B Oras sa gawaing bahay | 1 | 2 | 3 | 4 |
| | C Oras sa pangangalaga sa bata | 1 | 2 | 3 | 4 |
| | D Oras sa pag-aalaga sa may edad | 1 | 2 | 3 | 4 |
| Tungkol sa mga pag-alala | E Pag-alala tungkol sa karahasan mula sa asawa/partner | 1 | 2 | 3 | 4 |
| | F Pag-alala tungkol sa trabaho (kabilang ang mga self-employed management) | 1 | 2 | 3 | 4 |
| | G Pag-alala tungkol sa mental at pisikal na kalusugan | 1 | 2 | 3 | 4 |
| | H Pag-alala tungkol sa gawaing bahay/ Pangangalaga sa bata/Pag-aalaga sa may edad | 1 | 2 | 3 | 4 |
| I Pagtaas o pagbaba sa kita | | 1 | 2 | 3 | 4 |

## 6 Tungkol sa gender equality education para sa mga bata

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q16. Ano ang iyong mga saloobin sa mga patakaran sa pagiging isang magulang?

Mangyaring pumili ng **isang sagot** na naaangkop saiyo sa mga sumusunod at bilugan ito.

1. Igalang ang indibidwalidad (kung ano ang nais ng bata), alintana ang pagiging lalaki o babae.
2. Palakihin ang lalaki tulad ng mga lalaki at ang babae tulad ng mga babae.
3. Iba pa（pakisulat detalye :　　　　　　　　　　　　　　　　　　）
4. Hindi ko alam.

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q17. Mangyaring bilugan ○ ang **lahat** ng item na sa tingin mo ay kinakailangan sa edukasyon sa paaralan upang lumikha ng gender equal na relasyon sa mga tao.

1．Pagyamanin ang pag-aaral tungkol sa gender equality, pag-unawa sa isa't isa at pagtutulungan.
2．Pagyamanin ang pag-aaral tungkol sa pagkakaiba ng kasarian.
3．Pagyamanin ang pag-aaral tungkol sa LGBT at iba pang sexual minorities (pagkakaiba-iba ng kasarian)
4．Sa paggabay sa karera, ang pagsasaalang-alang ay dapat ibigay sa kapwa lalaki at babae upang maipakita ang kanilang pinakamahusay na kakayahan.
5．Magsagawa ng mga workshop upang maitaas ang kamalayan ng gender equality sa mga guro.
6．Paramihin ang bilang ng mga kababaihan sa mga posisyon sa pamamahala (punong-guro at pangalawang punong-guro)
7．Sa halalan para sa kinatawan ng klase, atbp., alisin natin ang pagbibigay ng tungkulin batay sa kasarian, tulad ng pagpili ng lalaki para sa pwesto ng chairman・president, at babae para sa vice-chairman・vice president.
8．Iba pa（pakisulat ang detalye :　　　　　　　　　　　　　　　　）
9．Hindi ko alam.

## 7　Tungkol sa karahasan mula sa asawa, atbp.

☞Ano ang **D V（Domestic Violence）・・・**

Ito ay karahasan mula sa isang taong karelasyon, tulad ng asawa o ka-partner. Ang DV ay hindi lamang pisikal na karahasan, kundi pati narin ang karahasang pang-mental tulad ng paggamit ng mga masasakit na pananalita at hindi pagbibigay ng panggastos para sa pang araw-araw na pamumuhay.

☞Ano ang Toyohashi DV Consultation・・・

Mula noong Hunyo 2014, ang lungsod ng Toyohashi ay nagtatag ng isang consultation desk na may mga tauhan na babaeng tagapagpayo, kung saan maaaring kumonsulta ang mga biktima ng DV nang mapayapa.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Konsultasyon sa telepono | **0532-33-9980** Ang reserbasyon para sa harapang konsultasyon ay tinatanggap sa parehong oras ng konsultasyon sa telepono. | Lunes～Biyernes 9:00～15:00 | Sarado tuwing holiday・Ika-3 Lunes・Pagtatapos ng taon at bagong taon |
| Harapang konsultasyon（kailangan ng reserbasyon） | | Martes, Miyerkules, Huwebes 9:30～15:30 | Sarado tuwing holiday・Pagtatapos ng taon at bagong taon |

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q1８． Naranasan mo na ba ang alinman sa mga sumusunod na aksyon (DV) ng iyong asawa o kapartner? Mangyaring bilugan ang **lahat** ng naaangkop na sagot.

1．Karahasan na nagbanta sa iyong buhay o nangailangan ng medikal na atensyon.
2． Sumailalim sa karahasan tulad ng paghampas, pagsipa, paghila ng buhok, pagkaladkad, paghagis ng mga bagay.
3． Pinapanood ako ng porno (adult video) o malalaswang magasin na hindi ko gustong makita.
4． Pinilit akong gumawa ng mga sekswal na gawain na hindi ko gusto.
5． Pinilit na makipagtalik nang walang proteksyon.
6． Hindi ako pinapansin kahit anong sabihin ko.
7． Pinagbawalan akong makipag-ugnayan sa aking pamilya at mga kaibigan, at ang aking mga tawag sa telepono at SNS ay mahigpit na sinusubaybayan.
8．Sinabihan ako ng mga bagay tulad ng「Sino sa tingin mo ang bumubuhay sa iyo」「Wala kang silbi」 atbp., pinagbawalan ako na maging ako.
9． Sinisigawan at pinag-sasalitaan ng masasamang salita.
10． Hindi nagbibigay ng panggastos sa pang araw-araw, atbp., ginigipit sa pera.
11． Hindi nakaranas ng anumang karahasan.

《Ang katanungan sa ibaba ay para lamang sa mga taong pumili ng 1~10 sa Q1８》

Q1８－１. May napagsabihan ka ba o kumonsulta sa sinuman tungkol sa Domestic Violence (DV) na nararanasan mo sa iyong asawa o kapartner? Mangyaring bilugan ○ ang **lahat** ng sagot na naaangkop sa iyo.

1． Kumonsulta sa pamilya.
2． Kumonsulta sa matalik na kaibigan・kakilala.
3． Kumonsulta sa mga ahensya ng gobyerno.
(Aichi Women's Consultation Center Toyohashi DV Consultation, Hoippu, atbp.)
4． Nakipag-ugnayan sa pulis at kumonsulta
5． Kumonsulta sa isang abogado.
6． Kumonsulta sa doktor.
7． Kumonsulta ako sa isang “private counseling room”.
8． Iba pa（Pakisulat ang detalye :                                    ）
9． Hindi ako kumonsulta kahit kanino.

《Ang katanungan sa ibaba ay para lamang sa mga taong pumili ng「9.Hindi ako kumonsulta kahit kanino sa Q1８-1》

Q1８－２． Mangyaring bilugan ○ ang **lahat** ng sagot na naaangkop sa iyo bilang dahilan kung bakit hindi ka kumonsulta kahit kanino.

１． Hindi ko alam kung saan（kanino）ako kukonsulta.
２． Nahihiya kasi ako kaya hindi ko sinabi kahit kanino.
３. Mahirap pag-usapan sa telepono o harapang konsultasyon
（Kung mayroong e-mail, LINE atbp. SNS, maaari akong kumonsulta）
４． Dahil hindi magtugma ang oras ng konsultasyon ng mga ahensya ng gobyerno atbp.
５． Naisip ko na kahit kumonsulta ako, hindi ko ito malulutas.
６． Dahil naisip ko na dapat akong magtiis.
７． Dahil ayoko na may madamay na ibang tao.
８． Ayokong balikan ang mga alaala ng karahasan.
９． Dahil ang akala ko may mali rin sa akin.
10. Naisip ko na hindi ito mahalagang bagay na dapat pag-usapan.
11. Iba pa（Pakisulat ang detalye :　　　　　　　　　　　　　　　　　　　）

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q１９． Mangyaring bilugan ○ ang **lahat** ng sagot na sa tingin mo ay kinakailangan upang maiwasan ang karahasan (DV) mula sa iyong asawa o kapartner.

1. Para sa mga bata na nasa bahay, ituro sa murang edad na ang karahasan ay isang maling gawain.
２． Magsagawa ng edukasyon upang maiwasan ang karahasan sa mga paaralan at kolehiyo.
３. Magsagawa ng mga workshop, event, atbp., upang maiwasan ang karahasan sa komunidad.
４． Gamitin ang media para sa publicity at public awareness.
５． Dagdagan ang bilang ng mga malalapit na consultation counter upang ang mga biktima ay makapagkonsulta ng maaga.
６． Magsagawa ng pagsasanay at kamalayan para sa mga kawani ng pulisya at medikal.
７． Para sa mga taong nakagawa ng karahasan, turuan ang sarili upang hindi na ito maulit.
８． Dagdagan ang parusa para sa mga may kasalanan.
９． Kontrolin ang impormasyon na maaaring magsulong ng karahasan（magazine, internet, atbp.）
10. Iba pa（Isulat ang detalye :　　　　　　　　　　　　　　　　　　　　）
11. Hindi ko alam.

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q２０．Alam mo ba na ang lungsod ng Toyohashi ay may lugar upang kumonsulta para sa DV（konsultasyon sa telepono・harapang konsultasyon）

| | |
|---|---|
| １．Oo | ２．Hindi |

## 8　Tungkol sa Toyohashi Gender Equality Center「パルモ」

☞**Toyohashi Gender Equality Center「パルモ」**・・・・

Ito ay isang pasilidad na nagsusulong ng “gender equality” sa loob ng Lifeport Toyohashi. Nag-aalok kami ng mga lektura sa iba’t ibang tema at serbisyong konsultasyon para sa mga kababaihan. Bukod pa rito, mayroon itong training room na may kapasidad na 100 katao, library, cooking practice room, arts and crafts room, fitness room, atbp. Ito ay isang pasilidad na hindi lamang magagamit ng mga kababaihan kundi pati na rin ng mga lalake at babae at mga kumpanya.

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q２１．Nagamit mo na ba ang Toyohashi Gender Equality Center「パルモ」

| | | |
|---|---|---|
| １．Oo | ２．Hindi | ３．Hindi ko pa ito nagamit, ngunit alam ko ito. |

《Katanungan para sa mga taong sumagot ng 「１．Oo」 sa Q２１》

Q２１－１．Sa hinaharap, ano ang gusto mong gawin ng Gender Equality Center bilang isang proyekto?
Mangyaring bilugan ○ ang **lahat** ng sagot na sa tingin mo ay naangkop.

１．Mga lektura at kaganapan para sa kababaihan.
２．Mga lektura at kaganapan para sa kalalakihan.
３．Mga lektura at kaganapan na maaaring salihan kasama ang pamilya.
４．Mga lektura (citizen-participation-type) kung saan ang mga proyekto ay pinaplano at pinamamahalaan kasama ng mga mamamayan.
５．Mga short-term course para sa pag-aaral ng malawak na hanay ng mga partikular na tema.
６．Mga long-term course para sa dalubhasang pag-aaral ng mga partikular na tema.
７．Magkalap ng mas maraming impormasyon, maging isang pasilidad na nagbabahagi ng mahahalagang bagay, paramihin pa ang mga libro.
８．Iba pa（Isulat ang detalye :　　　　　　　　　　　　　　　　　　）
９．Wala.

## 9　Tungkol sa kumpanya na iginagalang ang gender equality at sexual diversity

《Ito ay tanong para sa lahat》

Q２２．Alam mo ba ang tungkol sa mga sumusunod na termino? Mangyaring pumili at bilugan ○ ang **isang sagot** na naaangkop saiyo para sa mga item sa nakasulat sa A～H．

| Item | Alam ko ang salita ang ibig sabihin | Alam ko lamang ang salita | Hindi ko alam |
|---|---|---|---|
| A　Work・Life・Balance | 1 | 2 | 3 |
| B　Date DV | 1 | 2 | 3 |
| C　LGBT atbp. sexual minorities | 1 | 2 | 3 |
| D　Sexual Orientation・Gender Identity | 1 | 2 | 3 |
| E　Partnership system | 1 | 2 | 3 |
| F　Gender | 1 | 2 | 3 |
| G　Unconcious・Bias | 1 | 2 | 3 |
| H　SOGI | 1 | 2 | 3 |

**Work・Life・Balance・・・**
Bilang karagdagan sa kakayahang magtrabaho nang may kaligayahan at katuparan, maaari kang pumili ng iba’t ibang uri ng pamumuhay ayon sa bawat yugto ng iyong buhay, at maaari mong gugulin ang iyong oras para sa pangangalaga ng bata, pag-alaga sa may sakit o may edad at sa iyong sarili. Upang makamit ito, kailangan pag-isipan muli ang paraan ng ating pagtatrabaho.

**Date DV・・・**
Ito ay tumutukoy sa karahasan mula sa kapartner sa isang relasyon, at ito ay nakakaapekto sa mga kabataan tulad ng mga estudyante sa high school at unibersidad. Ang pagsubaybay sa lahat ng ginagawa at pagpigil sa kasintahan, tulad ng madalas na pagpapadala ng email ay maituturing din na Date DV.

**LGBT at iba pang sexual minorities・・・**
Isang pangkalahatang termino para sa mga taong ang sexual orientation ay naiiba sa karaniwang mga lalaki at babae. Ang LGBT ay isang acronym para sa「L」(Lesbian)babaeng homosexual,「G」(Gay)lalaking homosexual,「B」(Bisexual),「T」(Transgender) para sa mga hindi komportable sa kanilang sariling kasarian (isip at katawan). Mayroon din iba pang mga sexual minorities.

**Sexual Orientation・Gender Identity・・・**
Ang「Sexual Orientation」ay tumutukoy sa kung kanino ka naaakit at gustong makipagrelasyon. Ang「Gender Identity」ay tumutukoy sa pag-unawa ng isang tao sa kanilang sarili, bilang lalaki, babae o ibang kasarian. Ang bawat gender ay independent, at ang kumbinasyon ng mga ito ay lumilikha ng iba’t ibang sekswalidad.

**Partnership System・・・**

Nangako na tatratuhin ang isa' t isa bilang magkatuwang sa buhay at makikipagtulungan sa isa' t isa araw-araw habang buhay. Ito ay isang sistema kung saan inaprubahan ng lokal na pamahalaan ang isang partnership na katumbas ng kasal para sa dalawang tao, isa o pareho silang miyembro ng LGBT o iba pang sexual minorities. Sa lungsod ng Toyohashi, nagsimula ito noong Abril 1, 2021.

**Gender・・・**

Kaibahan sa biological sex, ang kasarian ay binibigyang kahulugan sa lipunan at kultura at ipinapahayag sa mga salita tulad ng pagkalalaki at pagkababae.

**Unconscious・Bias・・・**

Ito ay isang preconceived notion na mayroon ang lahat. Sa kapaligiran kung saan sila lumaki at sa grupong kanilang kinabibilangan, hindi nila namamalayan na tumatak na sa kanilang utak at naging preconceived notions at stereotypes.

**ＳＯＧＩ・・・**

Isang acronym para sa Sexual Orientation at Gender Identity, inilalarawan nito kung anong kasarian ang gusto mo (kabilang ang mga hindi mo gusto), at kung anong kasarian ang sa tingin mo ay kabilang ka, na nangangahulugan na ito ay isang termino na naangkop sa lahat.

Q2３. Upang maisakatuparan ang isang gender-equal na lipunan, ano sa palagay mo ang dapat pagtuunan ng pansin ng pamahalaan (national/prefectural/city) Mangyaring bilugan ○ ang **lahat** ng sagot na sa tingin mo ay naangkop.

１. Suriin ang mga batas at sistema na naglalayon ng gender equality
２. Aktibong isulong ang kababaihan sa mga posisyon sa pagpapasya sa paggawa ng mga patakaran at sanayin ang mga kababaihang lider sa iba't ibang organisasyon.
３. Itaas ang kamalayan tungkol sa pantay na pagtrato sa mga kalalakihan at kababaihan sa lugar ng trabaho.
４. Pagsulong ng mga hakbang upang humantong sa pagtaas ng trabaho para sa mga kababaihan, pagpapalawak ng mga larangan ng trabaho, at suporta para sa re-employment (suporta para sa pagkuha ng mga kwalipikasyon , atbp.)
５. Itaas ang kamalayan para sa Work・Life・Balance upang masuri ng mga lalake at babae ang kanilang mga istilo sa pagtatrabaho, tulad ng pagpapaikli ng oras ng trabaho at pagtatrabaho mula sa bahay.
６. Pagsuporta sa mga empleyado upang patuloy silang makapagtrabaho habang nagpapalaki ng mga anak o nangangalaga sa may sakit o may edad.
７. Pagpapahusay ng pag-aaral tungkol sa gender equality at pag-unawa sa isa't isa at pagtutulungan sa edukasyon sa paaralan, edukasyong panlipunan, at lifelong learning.
８. Pagpapahusay ng mga serbisyo sa konsultasyon upang makatulong sa paglutas ng mga problema.
９. Isulong ang pagsisikap na puksain ang karahasan mula sa mga asawa at ka-partner.
10. Iba pa（Isulat ang detalye :　　　　　　　　　　　　　　）
11. Hindi ko alam

**《Pakisulat dito ang inyong opinyon》**

■Bilang karagdagan, manyaring isulat ang iyong opinyon tungkol sa paggalang sa gender equality at sexual diversity.

| |
|---|
| |

《Ito ay tanong para sa lahat》

## 10　Tungkol sa iyong sarili

※Upang masuri ayon sa istatistika ang questionnaire, mangyaring tiyaking sagutin ang sitwasyon simula Agosto 1, 2023.

A　Mangyaring sabihin ang iyong kasarian.

| | | |
|---|---|---|
| 1．Lalake | 2．Babae | 3．Iba pa（　　　　　　　） |

B　Mangyaring sabihin ang iyong edad.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1．１０’s | 2．２０’s | 3．３０’s | 4．４０’s |
| 5．５０’s | 6．６０’s | 7．７０’s pataas | |

C　Alin sa mga sumusunod ang iyong hanapbuhay? Mangyaring pumili lamang ng **isa** at bilugan ito. (Kung mayroon kang dalawa o higit pa na trabaho, mangyaring bilugan ang iyong pangunahing trabaho.

| Self-employed・Freelance | Nagtatrabaho sa isang Kumpanya・Organisasyon | Walang trabaho・Estudyante |
|---|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| 1． Agriculture, Forestry & Fishery<br>2． Self-employed: Commerce, Industry o Service<br>3． Freelance (writer, artist, atbp.)<br>4. Family worker sa mga nabanggit sa itaas「１～３」 | 5． Full-time employee<br>・Full-time employee（manager)<br>6． Full-time employee・Full-time employee (other than manager)<br>7． Temporary employee・Contract employee<br>8． Part-time job・Side job<br>9． Work-at-home (part-time job)<br>10. Iba pa（　　　　　） | 11. Housewife・Househusband<br>12.Estudyante<br>13.Iba pa (pensioner､walang trabaho atbp.) |

D　Mayroon ka bang asawa?

1． Meron（Kabilang dito ang hindi legal na kasal at magkahiwalay)
2． Wala（Kabilang dito ang mga biyudo/biyuda at diborsyo)

《Ang tanong na ito ay para lamang sa mga taong sumagot ng「1． Meron（Kabilang dito ang hindi legal na kasal at magkahiwalay)」sa QD》

D-1　Pareho ba kayong may trabaho ng iyong asawa?

1． Parehong may trabaho（parehong full-time na empleyado)
2． Parehong may trabaho（ang isa ay full-time na empleyado)
3． Parehong may trabaho（pareho kaming hindi full-time na empleyado)
4． Parehong walang trabaho

E　Sinu-sino ang bumubuo ng iyong sambahayan? Mangyaring pumili lamang ng **isang sagot** at bilugan ○ ito.

1． Mag-isang namumuhay
2． Mag-asawa lamang（1 sambahayan)
3． Magulang at anak（2 sambahayan)
4． Magulang, anak at apo（3 sambahayan)
5．Iba pa (Isulat ang detalye：　　　　　　　　　　　　　　　　　　)

**Dito po nagtatapos ang mga tanong.**
**Maraming salamat sa iyong kooperasyon ♪**

Mangyaring ilagay ang form na ito sa **kalakip na sobre（hindi kailangan ng stamp)** at ibalik sa nagpadala **hanggang Agosto 31, 2023 (Huwebes)**